Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR SESSION OF SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG DISYEMBRE 11, 1995, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

- -

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Ranulfo C. Bernal
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Lorna F. Dimapilis - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

- -

KAPASYAHAN BLG. 063
Taong 1995

KAPASYAHANG NAGPAPAHAYAG NG HINDI PAGSANG-AYON SA PANUKALANG PAGTATAAS NG BUWISAN (PROPOSED ZONAL EVALUATION) NG KAWANIHAN NG RENTAS INTERNAS SA MGA LUPAIN SA ROXAS, SILANGANG MINDORO AT HUMIHILING NG PAGSASAALANG-ALANG SA PANUKALANG ITO.

SAPAGKA'T ang Bureau of Internal Revenue, sa pamamagitan ng Revenue District Officer ay nagpalabas ng isang panukalang pagtataas ng buwisan sa mga lupaing komersyal, residensyal at taniman ng Roxas, Silangang Mindoro kung saan itinakda ang pagkakaroon ng pampublikong pagdinig;

SAPAGKA'T lubhang napakataas ng buwis na itinatakda sa panukalang zonal evaluation na ito na sa kasalukuyang takbo ng ekonomiyang sinalanta ng mga pagbaha at bagyo ay hindi pa kakayanin ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T ang mga mamamayang lubhang naapektuhan ng mga kalamidad ay patuloy na nagpapaabot ng mga hinaing na sila ay mabigyan ng mga pagkakataong makaahon o makabawi kahit kaunting panahon upang maisaayos ang kanilang nasalantang kabuhayan at pinagkukunan nito;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng bayang ito ay nagkaisang huwag munang magtaas ng buwis sa taong 1996 sa kadahilanang nabanggit at ito'y ay lubusang pinagkaisahan at ipinaaabot sa kaalaman ng Tanggapan ng Pambayang Tagataya para sa pagpapatupad.

SAPAGKA'T sa kalagayang ito ang Sanggunian Bayan ng bayang ito ay lubusang nagpapahayag ng pagtutol sa bagong panukalang pagtataas ng buwis ng Tanggapan ng Rentas Internas at dito'y humihiling sa tanggapang nabanggit na isaalang-alang at bigyan ng konsiderasyon ang mga hinaing ng mga mamamayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Eduardo G. Villamin na sinangayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa kinauukulan ang pagtutol ng Sanggunian Bayan ng bayang ito sa panukalang pagtataas ng buwis sa mga lupain sa Roxas, Silangang Mindoro gayundin hinihiling na isaalang-alang ang panukalang ito para sa kapakanan ng mga mamamayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay G. Rogelio C. Fermin, Revenue District Officer, Bureau of Internal Revenue, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanyang masusing pagaaral at naaayong pagpapasya.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang kagalanggalang Sanggunian Panlalawigan ng Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at suporta sa kapasyahang ito.

Pinagtibay.

Disyembre 11, 1995

- -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

CELACIO I. YASON
Municipal Mayor

merz/